Republic of the Philippines
Department of Education
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula

Zest for Progress
Zeal of Partnership

2

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Ikaapat na Markahan – Modyul 3:
## Pasasalamat sa Biyayang Natanggap



Pangalan: ___________________________________

Baitang at Seksyon: __________________________

Paaralan: ___________________________________



# Alamin

Naranasan mo na bang makatanggap ng biyaya? Mapalad ang mga batang makakatanggap ng biyaya sapagkat sila ay kinalulugdan ng Diyos.

Ang modyul na ito ay iyong matutunan ang mga paraan ng pasasalamat sa mga biyayang natanggap.

**Nagpapakita ng iba't ibang paraan ng pagpapasalamat sa mga biyayang tinanggap, tinatanggap, at tatanggapin.** ***EsP2PP-Iva-D-5***



# Subukin

**Panuto:** Iguhit ang masayang mukha ( ☺ ) kung ang pangungusap ay nagpapakita ng iba't ibang paraan ng pagpapasalamat sa mga biyayang tinanggap, tinatanggap, at tatanggapin mula sa Diyos. Iguhit ang malungkot na mukha( ☹ ) kung hindi.

______1. Bilang isang batang iskawt, ibinahagi mo ang iyong talento sa pagbikas ng tula at tinuruan mo ang batang lansangan sa paggawa nito.
______2. Nagbigay ng limos sa mga pulubi.
______3. Nagpaplano na magbigay ng kalahati ng kanyang baon sa mga kaklase na walang makain.
______4. Pagpunta sa simbahan at pagdadasal ng pasasalamat sa biyayang natanggap.
______5. Pagsasawalang kibo sa nakitang umiiyak na kaklaseng nagugutom.

| Modyul 2 | Pasasalamat sa Biyayang Natanggap |
| --- | --- |



## Balikan

**Panuto:** Isulat sa patlang ang **TAMA** kung ang pangungusap ay nagpaphayag ng wastong gawi, at **MALI** naman kung hindi.

_______1. Si Rosalie ay kilala sa pagiging mahusay na mananayaw sa inyong paaralan. Tuwing may palatuntunan, siya ang nagtuturo ng mga sayaw sa mga ibang mag-aaral.

_______2. Lumago ang negosyo ni Ginang Santos. Namahagi siya ng mga laruan sa mga batang lansangan.

_______3. Binalewala ni Ana ang kanyang nakababatang kapatid sa tuwing nagpapaturo siya ng tula.

_______4. Namahagi ng mga *relief goods* ang mga *Boy Scouts* sa mga lugar na nasalanta ng bagyo.

_______ 5. Nagsagawa ng *feeding program* ang mga pangkat ng militar sa mga batang katutubo.



## Tuklasin

Basahin ang maikling kuwento at sagutin ang mga sumusunod na tanong.

**"Si Saturnino"**

Si Saturnino ay isang batang mabait at mapagbigay. Tuwing linggo siya ay nagsisimba kasama ang kanyang nanay. Palagi niyang dinadasal ang kalusugan ng kanyang mga mahal sa buhay. Nagpapasalamat din siya sa mga biyayang kanilang natanggap.

Bilang pasasalamat, namahagi siya ng mga laruan sa mga batang kalye. Tuwang-tuwa ang mga batang nakatanggap ng bagong laruan. Kaya kinagigiliwan si Saturnino sa kanilang lugar.

1. Anong uri ng bata si Saturnino?

_______________________________________________

2. Paano ipinapakita ni Saturnino ang paraan ng kanyang pasasalamat sa mga biyayang natanggap?

_______________________________________________

3. Mahalaga ba ang pamamahagi ng mga biyayang natanggap? Bakit?

_______________________________________________



## Suriin

Ang pagbibigay o pamamahagi ng mga biyayang natanggap ay isang paraan ng pasasalamat sa Diyos. Ating tandaan na ang lahat ng mga biyayang ating natanggap ay mula sa Diyos. Kaya marapat lamang na ito ay ibahagi sa mga nangangailangan. Laging isaisip na mapalad ang mga taong nagbibigay dahil siya'y kinalulugdan ng Poong Maykapal.



# Pagyamanin

**Panuto:** Basahin ang mga sitwasyon. Isulat ang **T** kung ang ipinapahayag ng pangungusap ay tama at **M** kung mali.

_____1. Namahagi ng mga damit si Rose Jean sa kanilang kapitbahay na nasunugan.

_____2. Pinapakain ng mag-asawa ang mga batang pulubi.

_____3. Nagpapasalamat lang si Eleazar sa Diyos kung may natanggap na bagong gamit.

_____4. Kinuha ni Lily ang baryang nasa lata ng matandang bulag na nanlilimos.

_____5. Nakapasa sa pagsusulit si Lilibeth kaya siya ay nag-alay ng dasal pasasalamat.



# Isaisip

**Panuto:** Basahing mabuti ang pangungusap. Bilugan ang **opo** kung ito ay iyong ginagawa at **hindi po** kung ito ay hindi.

Opo Hindi po 1. Binibigyan ko ng baon ang aking kaklase.

Opo Hindi po 2. Sumasama ako kay nanay tuwing linggo sa simbahan.

Opo Hindi po 3. Pinagdadamutan ko ang aking kapatid.

Opo Hindi po 4. Ipinagyayabang ko ang aking bagong gamit.

Opo Hindi po 5. Ipinamamahagi ko ang aking pinaglumaang damit.



# Isagawa

**Panuto:** Kulayan ng pula ang puso ng pangungusap na nagpapakita ng iba't ibang paraan ng pagpapasalamat sa mga biyayang tinanggap, tinatanggap, at tatanggapin mula sa Diyos. Kulayan ng berde kung Hindi.

**1**.

_____1. Pagsambit ng dasal pasalamant sa biyayang natanggap.

_____2. Pagmamalaki sa mga kaklase sa mga bagong Mamahaling damit.

_____3. Pagbibigay ng tulong sa biktima ng bagyo.

_____4. Pagbibigay ng baon na pagkain sa kaklaseng walang baon.

_____5. Pipiliin ang mga taong tutulungan.



# Tayahin

**Panuto:** Piliin at isulat sa patlang ang titik ng tamang sagot.

_____1. Sino ang dapat na pasasalamatan sa mga biyayang natanggap araw-araw?

**A**. guro  **B**. Diyos  **C.** kaibigan

_____2. Ano ang dapat mong gawin kung may nakita kang nanghihinang matanda sa daan.

**A.** bigyan ng pagkain

**B**. daanan lamang ang matanda

**C**. magkunwari na walang nakita

_____3. Ikaw ay isang batang may talino, nakita mo na nahihirapan ang iyong kaklase sa inyong takdang aralin.

Ano ang dapat mong gawin?

**A.** Pakopyahin sa nagawang takdang aralin.

**B.** Pabayaan ang kaklase sa kanyang ginagawa.

**C.** Tulungan na ipaunawa sa kanya ang takdang-aralin.

_____4. Narinig mo sa iyong guro na kailangan mong magbahagi ng iyong mga biyayang natanggap mula sa Diyos.

Alin sa sumusunod ang iyong gagawin?

**A.** Hatiin ang baon mong pera araw-araw at itabi ito upang ipambili ng pagkain para sa mga biktima ng bagyo.

**B.** Ipunin ang mga pinaglumaang gamit at laruan at ipagmalaki ito sa lahat ng mga batang naging biktima ng bagyo.

**C.** Magdala ng maraming pagkain sa lugar na may maraming biktima ng bagyo at piliin lamang ang mga bibigyan nito.

_____5. Ang mga sumususnod ay nagpapakita ng paraan ng pasasalamat sa Diyos **MALIBAN** sa isa.

**A.** Pagbibigay ng tulong sa nangangailangan.

**B.** Pakikipag-away sa kaklase.

**C.** Paghahatid ng pagkain sa biktima ng bagyo.



## Karagdagang Gawin

**Panuto:** Gumupit ng tatlong larawan na nagpapakita ng iba't ibang paraan ng pagpapasalamat sa mga biyayang tinanggap, tinatanggap, at tatanggapin mula sa Diyos. Idikit ang mga larawan sa loob ng kahon.

# Sanggunian

Anna Marie Quebuen,Edukasyon sa Pagpapakatao-Grade 2 Kagamitan ng Mag-aaral sa Sinugbuanong Binisaya,Unang Edisyon,2013,ISBN:978-971-9990-93-2,p256

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

Manunulat: **LOVELY E. DOLOROSA, Teacher-I**
Sominot Elementary School
Kabasalan District
Zamboang Sibugay Division

Editor: **Randolf O. Morada**
**Maricel L. Tercio**
**Rowena D. Quiboyen**

**Mona Lisa M. Babiera, Ed.D**
*Education Program Supervisor*

Tagapamahala:
**Evelyn F. Importante**
*OIC-CID Chief EPS*
**Aurelio A. Santisas**
*OIC-Assistant Schools Division Superintendent*
**Jerry C. Bokingkito**
*OIC-Assistant Schools Division Superintendent*
**Jeanelyn A. Aleman, CESO VI**
*OIC-Schools Division Superintendent*